Republic of the Philippines

**Department of Education**

**UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA**

**GMRC 4**

**Pangalan :**_____________________________ **Baitang / Seksyon:** ________________

**Piliin ang tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.**

1. **Ano ang ibig sabihin ng "kritikal na pag-iisip"?**
a. Pagsunod sa utos ng iba nang walang tanong-tanong.
b. Pagsasagawa ng matinding pagsusuri sa sariling kakayahan.
c. Pagsusuri at pagbalanse ng mga ebidensya at argumento bago magdesisyon.
2. **Bakit mahalaga ang kakayahang magmahal sa pag-unlad ng relasyon?**
a. Ito ang nagpapalakas sa galit at pag-aaway.
b. Ito ay nagpapatibay sa pag-unlad ng relasyon.
c. Ito ay hindi nagbibigay-daan sa patuloy na pagmamahal.
d. Ito ay minsang nagbibigay inspirasyon sa pagtulong at pag-unawa.
3. **Kilos na nagbibigay ng gawang pagtulong sa iba.**
a. Pagkamalasakit
b. Pagsasaya
c. Pag-unawa sa diversidad
4. **Kilos na kahandaan sa mga pangangailangan komunikasyon.**
a. Magbigay-pansin at makinig
b. Kasipagan
c. Pag-unawa at empatiya
5. **Kilos na maunawaan ang mga damdamin, pangangailangan, at karanasan ng iba.**
a. Magkawanggawa
b. Pag-unawa at empatiya
c. Magbigay-pansin at makinig

*iBIGAY KUNG ANO ANG TINUTUKOY NG BAWAT ARTICLE. Piliin ang titik ng tamang sagot.(6-10)
6. Article 10 at Article 20
a. Kahalagahan ng komunikasyon
b. Kahalagahan ng Pamilya
c. Kahalagahan ng sasakyan
7. Article 7, Article 8 at Article 23
a. Iyong Pagkakilanlan
b. Iyong Pag-ibig
c. Iyong Paggalang
8. Article 24 at Article 31
a. Para sa Pag-aaral
b. Para sa Kaibigan
c. Para sa Kalusugan
9. Article 5, Article 25, Article 26, at Article 27
a. Serbisyo ng mga alaga
b. Serbisyo ng Gobyerno
c. Serbisyo ng Pulis
10. Article 28, Article 29, Article 30, at Article 42
a. Kahalagahan ng Pag-aaral

b. Kahalagahan ng Pagkain
c. Kahalagahan ng Pamamalengke

11. Ano ang ibig sabihin ng pagiging magalang sa karapatan ng kapuwa-bata?

a. Pagsasabi ng masasakit na salita sa ibang bata.

b. Pagsasagawa ng mga bagay na labag sa kagustuhan ng ibang bata.

c. Pagkilala at pagsusulong ng karapatan ng kapuwa-bata nang may respeto.

d. Pang-aapi sa ibang bata upang mapatunayan ang sariling kapangyarihan.

12. Bakit mahalaga ang pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata?

a. Nagpapakita ito ng pagiging mas superior sa ibang bata.

b. Dahil ito ang tanging paraan upang makamit ang tagumpay sa paaralan.

c. Ito ang nagbibigay-daan sa mapayapang pakikisama at respeto sa isa't isa.

d. Upang maipakita na ang isang bata ay may kakayahan na pamunuan ang ibang bata.

13. Paano maipagmamalaki ang pagiging magalang sa karapatan ng kapuwa-bata?

a. Pagtutol sa anumang kagustuhan ng ibang bata dahil sa sariling prinsipyo.

b. Pag-aagawan ang mga bagay na ayon sa sariling interes kahit ayaw ng ibang bata.

c. Pagbibigay ng mga insulto at pang-aasar sa ibang bata nang walang pakundangan.

d. Pag-unawa sa mga pangangailangan at damdamin ng ibang bata, at pagtutulungan ang kanilang mga karapatan.

14. Ano ang maaaring epekto ng pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata sa isang komunidad?

a. Pag-aawayan ang mga bagay na hindi naman mahalaga.

b. Pagkakaroon ng tensyon at alitan sa pagitan ng mga bata.

c. Pag-unlad ng masusing pakikisama at pagrespeto sa isa't isa.

d. Pagiging mapagmataas at pagyabang ng mga bata sa kanilang kakayahan.

15. Paano mo maipagmamalaki ang iyong sariling tungkulin?

a. Ipagmamayabang ko parati ang lahat ng aking mga ginawa.

b. Ipopost ko parati sa *social media* ang lahat ng aking mga ginagawa upang makita ng mga tao.

c. Ipagmamalaki ko na marami akong mga tungkuling dapat gawin kaya nararapat lamang na ako ay parangalan.

d. Gumawa ng mga mabubuting aksiyon na may kinalaman sa pagtulong, paggalang, pagbibigay respeto, at iba pang ugali na katanggap-tanggap sa kapuwa.

16. Ano ang tinutukoy ng "UNCRC" sa konteksto ng mga karapatan ng mga bata?

a. United National Child Rights Code

b. Universal National Child Rights Code

c. Universal National Children's Republic Code

d. United Nations Convention on Rights of Children

17. Ano ang pangunahing layunin ng "*Child Rights Awareness Campaign*"?

a. Magbigay ng mga laruan sa mga bata.

b. Bawasan ang mga karapatan ng mga bata.

c. Ituro sa mga bata ang mga responsibilidad ng mga magulang

d. Palaganapin ang kaalaman tungkol sa mga karapatan ng mga bata.

18. Ano ang pinakamahalagang aspekto ng karapatan ng mga bata na may kinalaman sa edukasyon?

a. Karapatan sa libreng edukasyon.

b. Karapatan sa masasarap na pagkain.

c. Karapatan sa paggamit ng mga gadget.

d. Karapatan sa malalaking bahay at lupa.

19. Ano ang pangunahing layunin ng "*Youth Leadership Training*"?

a. Mag-organisa ng mga protesta laban sa mga matatanda.

b. Turuan ang mga kabataan kung paano maging pasaway.

c. Turuan ang mga kabataan ng mga liderato at responsibilidad.

d. Palakasin ang mga kabataan sa pagtutulungan para sa mga negatibong gawain.

20. Ano ang dapat gawin upang ipakita ang pag-unawa sa karapatan ng kapuwa bata?

a. Pagsasabi ng masasamang salita sa mga bata.

b. Pag-aalis ng mga bata sa mga pampublikong lugar.

c. Pagtuturo sa kanila ng maling impormasyon ukol sa mga karapatan.

d. Pagbibigay ng atensyon sa kanilang mga pangangailangan at damdamin.

21. Ang pagtupad sa mga responsibilidad o trabaho nang may kahusayan at dedikasyon?

a. Karapatan

b. Paggalang

c. Pagmamalaki

d. Tungkulin

22. Aling mga salita ang nagpapakita ng pagkilala sa dignidad at halaga ng bawat isa?

a. Karapatan

b. Paggalang

c. Pagmamalaki

d. Tungkulin

23. Saan nakasalalay ang balanseng ugnayan ng pagtupad sa tungkulin at pagkilala sa karapatan ng iba?

a. Karapatan

b. Paggalang

c. Pagmamalaki

d. Tungkulin

24. Ano ang ibig sabihin ng "karapatan ng mga bata"?

a. Responsibilidad ng mga bata sa komunidad.

b. Pagtuturo sa mga bata ng mga gawain sa bahay.

c. Paggawa ng mga obligasyon ng mga bata sa paaralan.

d. Legal na pribilehiyo o kalayaan na nararapat taglayin ng mga bata.

25. Ano ang potensyal na epekto ng pagkilala sa karapatan ng mga bata sa kapayapaan sa lipunan?

a. Mas magiging disiplinado ang mga bata sa tahanan.

b. Pagkakaroon ng mas maraming mga alituntunin para sa mga bata.

c. Mas magiging pabaya ang mga bata sa kanilang mga responsibilidad.

d. Pagkakaroon ng mas malalim at makatarungan na ugnayan sa lipunan.

26. Alin sa mga gawain sa ibaba ang kaugaliang Pilipino na nagpapakita ng kanilang pagiging masayahin at magiliw?

A. Pagiging palaasa sa kapalaran

B. Pagiging malungkot sa lahat ng pagkakataon

C. Pananatili sa sariling mundo at hindi pakikisalamuha sa ibang tao

D. Kakayahang ngumiti at magpatawa sa iba-ibang situwasyon.

27. Ano ang ipinapahiwatig ng pagiging madasalin ng mga Pilipino?

A. Hindi nila kailangan ang tulong ng Diyos.

B. Wala silang alintana sa kanilang pananampalataya.

C. Sila ay labis na makaDiyos at walang anumang pagkukulang.

D. Kanilang pinapahalagahan ang pananampalataya sa Diyos at humuhugot ng lakas mula dito.

28. Paano ipinapakita ng mga Pilipino ang kanilang takot sa Diyos?

A. Pagbibigay prayoridad sa sariling kalayaan

B. Takot mapag-isa

C. Takot sila sa madilim na lugar.

D. Hindi gagawa ng masama sa kapuwa.

29. Ano ang kaugaliang Pilipino na nagpapakita ng pagiging magiliw sa mga bisita?

A. Hindi pagsasalita sa mga bisita

B. Pagsasabi ng masasakit na salita sa mga bisita

C. Pag-iwas sa mga bisita upang hindi magkaroon ng abala

D. Pagmamalasakit at magalang na pakikitungo sa mga bisita

30 Paano naipapakita ang pagmamalasakit ng mga Pilipino sa kanilang pamilya?

A. Pagdalo sa mga pagtitipon ng pamilya

B. Pag-iwas sa pamilya upang makapag-*focus* sa personal na interes

C. Pagkuha ng mga gamit o pera mula sa mga kapamilya

D. Pagsasaalang-alang sa kalagayan at damdamin ng bawat miyembro ng pamilya

31. Alin sa mga salaysay ang pagsasakilos ng mabuting kaugaliang Pilipino?

A. Nagpapakita ng mga negatibong asal ng mga Pilipino

B. Pinalalakas ang impluwensiya ng dayuhan sa kultura

C. Ipinapakita ang mga magagandang ugali ng mga Pilipino

D. Ipinamamalas ang kasalukuyang kalagayan ng Pilipinas

32. Paano ipinapakita ang pagiging mapagpakumbaba bilang isang mabuting kaugalian ng Pilipino?

A. Pagtanggi sa pagtulong sa mga kapuwa

B. Pag-aaksaya ng oras sa mga walang kabuluhan

C. Pag-amin sa mga pagkukulang at pagkakamali

D. Pagyayabang ng mga tagumpay sa *social media*

33. Aling kilos ang hindi kasama sa mga halimbawa ng "pagtulong sa kapuwa"?

A. Pag-aaral ng mabuti

B. Pagsasagawa ng illegal na gawain para kumita ng pera

C. Pagtuturo sa isang estudyanteng nahihirapan ng libreng tutorial

D. Pagpapatyo ng isang sariling monumento

34. Anong konsepto ang ipinapahayag ng pagmamalasakit sa kapakanan ng bayan?

A. Pagiging *self-centered* at walang pakialam sa iba

B. Pagtutuon ng pansin sa pansariling interes lamang

C. Paggawa ng mga aksiyon para sa ikabubuti ng komunidad o bansa

D. Pag-aambisyon para sa personal na kapakinabangan

35. Aling kaugalian ang maiuugnay sa pagiging makapamilya?

A. Parati lang sa bahay

B. Hindi magbibigay sa iba dahil para lang lahat sa pamilya

C. Pagbibigay panahon at prayoridad na makasama ang pamilya

D. Pag-aksaya ng oras sa mga hindi produktibong gawain

36. Sa anong paraan maipakikita ang pagkamakatao?

A. Pagsunod sa mga batas at responsibilidad

B. Pagtulong at pag-alalay sa isang taong natumba sa daan. 15

C. Pagsasagawa ng mga gawaing pilit na ipinagbabawal

D. Pagsisiwalat ng personal na impormasyon sa publiko

37. Alin sa sumusunod ang nagpapamalas ng mabuting pakikibagay at pakikisama?

A. Hindi pagtanggi kahit ayaw

B. Pagsisikap na unawain, at kaibiganin ang mga kasamahan

C. Sasama sa lahat ng lakad ng barkada

D. Pagtanggi na makasama sa grupo ang ibang kamag-aral

38-39 Alin sa mga sumusunod ang hindi kaugaliang Pilipino (dalawang sagot)

A. Paggalang sa mga nakakatanda

B. Pranka at nangangatuwiran sa magulang na parang kaedad lamang

C. Pababayaan ang bisita sa sala habang kumakain.

D. Pagtulong sa isang banyaga na makita ang *address* na hinahanap.

40. Alin sa sumusunod ang hindi dapat gawin para mapalawak at mapalalim ang kaalaman sa pag-uugaling Pilipino.

A. Patuloy na pag-aaral sa kultura at kasaysayan ng Pilipinas

B. Pag-aaral sa kasaysayan ng ibang lahi

C. Pag-kanta at pagtangkilik ng mga sariling produkto at sining

**SUSI SA PAGWAWASTO**

**1. C**
**2. B**
**3. A**
**4. A**
**5. B**
**6. B**
**7. A**
**8. C**
**9. B**
**10. A**
**11. C**
**12. C**
**13. D**
**14. C**
**15. D**
**16. D**
**17. D**
**18. A**

**31. C**
**32. C**
**33. C**
**34. C**
**35.C**
**36. B**
**37. B**
**38. B**
**39. C**
**40. B**

19. C
20. D
21. D
22. B
23. B
24. D
25. D
26. D
27. D
28. D
29. D
30. D

**UNANG MARKAHANG PAGSUSULIT SA GMRC 4**

**TALAAN NG ESPISIPIKASYON**

| Layuin | Bilang ng Aytem | Antas ng Pagtatasa at Kinalalagyan ng Aytem | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Pagbabalik Kaisipan / Tanaw | Pang-unawa | Paglalapat / Paggamit | Pag-aanalisa | Pagtataya | Paglikha |
| 1. Natutukoy ang mga pansariling taglay na mga mabuting kaugaliang Pilipino (hal. masayahin, madasalin, masipag) | **5** | | 1-5 | | | | |
| Naipaliliwanag na ang sariling kamalayan sa mga mabuting kaugaliang Pilipino ay mahalaga upang maiangkop ang mga kilos at pag-iisip na katangi-tangi sa lahing pinagmulan. | **5** | | 11-15 | | | | |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Nailalahad ang sariling mga tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata | **5** | | | 6-10 | | | |
| Nakapagbibigay ng mga patunay na ang sariling tungkulin sa pagkilala sa karapatan ng kapuwa-bata ay mahalaga sa pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan | **15** | | | 16-40 | | | |
| | **40** | | | | | | |

Prepared by:

_______________
Teacher I

NOTED:

__________________
Principal I